
10

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Tugon ng Pamahalaan at Mamamayang Pilipino sa mga Isyu ng Karahasan at Diskriminasyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_AP 10_ Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Tugon ng Pamahalaan at Mamamayang Pilipino sa mga Isyu ng Karahasan at Diskriminasyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Einee B. Camota | Raquel C. Cruzada |
| | Jherry L. Faustino | Alexis B. Pidlaoan |
| **Editor:** | Leizl S. Cancino | Markconi F. Taroma |
| | Perpetua V. Barongan | Cristina C. Aquino |
| **Tagasuri:** | Editha T. Giron | Gina A. Amoyen |
| | Gemma M. Erfelo | Renato S. Santillan |
| **Tagaguhit:** | Dennis A. Evangelista | |
| **Tagalapat:** | Lemuel Dino V. Visperas, Elizalde L. Piol | |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino | |
| | Arlene A. Niro | Venus Maria SM. Estonilo |
| | Gina A. Amoyen | Renata G. Rovillos |
| | Editha T. Giron | |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region I**

Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Tugon ng Pamahalaan at Mamamayang Pilipino sa mga Isyu ng Karahasan at Diskriminasyon

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Sa nakaraang aralin natunghayan mo ang ilang halimbawa ng mga karahasang kinakaharap ng mga kababaihan, kalalakihan at LGBT. Walang pinipiling edad, kasarian o gender/sex, kulay, etnisidad, oryentasyong seksuwal (sexual orientation) at Pangkasariang Pagkakakilanlan (gender identity) ang mga biktima nito.

Sa araling ito ay pagtutuunan ng pansin ang mga hakbang na ginagawa ng mga pandaigdigang organisasyon, pamahalaan at mamamayang Pilipino upang matugunan ang mga isyu at hamon sa kasarian (gender identity) sa isyung panlipunan.

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat upang tulungan at gabayan kang matutunan ang paksa ukol sa mga Tugon ng Pamahalaan at Mamamayang Pilipino sa mga Isyu ng Karahasan at Diskriminasyon. Nakapaloob sa modyul na ito ang mahalagang kompetensi alinsunod sa *K to 12 Curriculum* ng Kagawaran ng Edukasyon.

## Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto

Napahahalagahan ang tugon ng pamahalaan at *mamamayang Pilipino* sa mga isyu ng karahasan at diskriminasyon. ***(MELC 3)***

## Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- Natutukoy ang mga tugon ng pandaigdigang organisasyon sa mga isyu sa gender identity at mga isyung panlipunan;
- Naipaliliwanag kung paano nakakatulong ang mga Yogyakarta Principles sa pagkakapantay-pantay ng mga LGBT;
- Naisa-isa ang mga hakbang ng CEDAW bilang International Bill for Women sa pagsugpo ng diskriminasyon sa mga kababaihan;
- Natutukoy ang tugon ng pamahalaan at mamamayang Pilipino sa mga isyu sa kasarian at lipunan;
- Naipaliliwanag ang mga batas at programa ng pamahalaan bilang tugon sa mga isyu ng karahasan at diskriminasyon;
- Naipaliliwanag kung bakit mahalaga ang papel ng pamahalaan sa pagpapatupad ng mga batas;
- Nakamumungkahi ng mga paraan upang wakasan ang karahasan at diskriminasyon sa kababaihan at mga bata.

*Handa ka na ba para sa panibagong kaalaman? Halina't sabay nating tuklasin ito!*





## *Subukin*

Subukin mong sagutin ang paunang pagsusulit upang matukoy ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa paksang tatalakayin.

### Gawain 1. Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang nagsabi ng pahayag na: "*LGBT rights are human rights*?"
   a. Emma Watson
   b. Kofi Annan
   c. Ban Ki-moon
   d. Gloria Steinem

2. Sa patuloy na hayagang pakikilahok ng mga LGBT sa lipunan, patuloy ring lumalakas ang kanilang boses upang tugunan ang kanilang mga hinaing tungkol sa di-pantay na pagtingin at karapatan. Bakit binuo ang Principles of Yogyakarta?
   a. Upang pagtibayin ang mga prinsipyong makatutulong sa pagkakapantay-pantay ng mga LGBT
   b. Upang pagtibayin ang mga prinsipyong makatutulong sa mga taong may kapansanan
   c. Upang pagtibayin ang mga prinsipyong mag-aangat sa kalagayan ng mga nasugatan na sundalo sa pakikipaglaban
   d. Upang pagtibayin ang mga prinsipyong makatutulong sa mga babaeng nakakaranas ng pang-aabuso

*Para sa bilang 3-8, tukuyin ang prinsipyong isinasaad ng bawat pahayag.*

3. Sa anong Yogyakarta Principles nakasaad na ang lahat ng tao ay isinilang na malaya at pantay sa dignidad at mga karapatan. Bawat isa, anuman ang oryentasyong seksuwal at pangkasariang pagkakakilanlan ay nararapat na ganap na magtamasa ng lahat ng karapatang pantao.
   a. Principle 16
   b. Principle 25
   c. Principle 2
   d. Principle 1

4. Sa anong Yogyakarta Principles nakasaad na dapat kilalanin na ang lahat ay pantay-pantay sa batas at sa proteksiyon nito, nang walang anomang diskriminasyon, kahit may nasasangkot na iba pang karapatang pantao. Ipagbabawal sa batas ang ganoong diskriminasyon at titiyakin, para sa lahat.
   a. Principle 12
   b. Principle 2
   c. Principle 4
   d. Principle 25

5. Sa anong Yogyakarta Principles nakasaad na ang parusang kamatayan ay hindi ipapataw sa sinuman dahil sa *consensual sexual activity* ng mga taong nasa wastong gulang o batay sa oryentasyong seksuwal o pangkasariang pagkakakilanlan.
   a. Principle 1
   b. Principle 12
   c. Principle 16
   d. Principle 4

6. Sa anong Yogyakarta Principles nakasaad na ang lahat ay may karapatan sa disente at produktibong trabaho, sa makatarungan at paborableng mga kondisyon sa paggawa, at sa proteksiyon laban sa dis-empleyo at diskriminasyong nag-uugat sa oryentasyong seksuwal o pangkasariang pagkakakilanlan.
   a. Principle 2
   b. Principle 25
   c. Principle 12
   d. Principle 16

7. Sa anong Yogyakarta Principles nakasaad na ang lahat ay may karapatan sa edukasyon nang walang diskriminasyong nag-uugat at sanhi ng oryentasyong seksuwal at pangkasariang pagkakakilanlan.
   a. Principle 16
   b. Principle 2
   c. Principle 4
   d. Principle 25

8. Sa anong Yogyakarta Principles nakasaad na bawat mamamayan ay may karapatang sumali sa mga usaping publiko, kabilang ang karapatang mahalal, lumahok sa pagbubuo ng mga patakarang may kinalaman sa kanyang kapakanan; at upang mabigyan ng pantay na serbisyo-publiko at trabaho sa mga pampublikong ahensiya, kabilang ang pagseserbisyo sa pulisya at militar, nang walang diskriminasyong sanhi ng oryentasyong seksuwal o pangkasariang pagkakakilanlan.
   a. Principle 2
   b. Principle 12
   c. Principle 14
   d. Principle 25

9. Ang Anti-Violence Against Women ay binuo upang bigyang proteksyon ang kababaihan at mga bata. Alin sa sumusunod ang **HINDI** sinasaklaw ng kahulugan ng *women* sa ilalim ng batas.

   a. kasalukuyan o dating asawang babae
   b. babaeng walang karelasyon at mga anak
   c. babaeng nagkaroon ng anak sa isang karelasyon
   d. babaeng may kasalukuyan o nakaraang relasyon sa isang lalaki

10. Ang RA 9262 ay kilala bilang Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004. Alin sa sumusunod ang hindi sinasaklaw ng kahulugan ng *Children* sa ilalim ng batas?

   a. mga anak ng babaeng inabuso
   b. mga anak na wala pang labing-walong (18) taong gulang, lehitimo man o hindi
   c. mga hindi tunay na anak ng isang babae ngunit nasa ilalim ng kanyang pangangalaga
   d. mga anak na may edad na labing-walong (18) taon at pataas na may kakayahang alagaan o ipagtanggol ang sarili

11. Sino-sino ang maaring makasuhan ng pang-aabuso sa ilalim ng RA 9262 o Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004?

   a. Ang mga kasalukuyan at dating asawang lalaki
   b. Mga kasalukuyan at dating kasintahan
   c. Mga kasalukuyang kinakasama o dating kinakasama
   d. Mga abusadong kamag-anak

12. Alin sa sumusunod ang hindi nagpapahayag ng hangarin ng batas RA 9262?

   a. Matulungan ang kababaihan na biktima ng pang-aabuso o karahasan
   b. Maparusahan ang kalalakihan na mahilig mambabae
   c. Maproteksiyunan ang kababaihan at mga anak nito laban sa pang-aabuso.
   d. Maiangat ang antas ng pamumuhay ng mga kababaihan na biktima ng pang-aabuso

13. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong na maipabatid at maisakatuparan ang RA 9262 o Anti-Violence Against Women and Children?

   a. Ipapaubaya ko na lang sa pamahalaan dahil ito ay kanilang trabaho
   b. Sasama na lang ako sa mga kaibigan ko para gawin ang aming takdang aralin
   c. Ipaparating ko sa mga kababaihan at sa mga anak na tulad ko ang tungkol sa Anti-Violence Against Women gamit ang social media
   d. Maging aktibo sa mga gawain na ang layunin ay maipabatid at maisakatuparan ang RA 9262.

14. Layunin ng batas na itaguyod ang husay at galing ng bawat babae at ang kanyang potensiyal sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap sa katotohanan na ang mga karapatan ng kababaihan ay karapatang pantao.

   a. *Magna Carta of Women*
   b. *Universal Declaration of Human Rights*

c. *Prohibition on Discrimination Against Women*
d. *Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women*

15. Sino ang pangunahing tagapagpatupad ng Magna Carta of Women?
    a. Ang gobyerno ng Pilipinas
    b. United Nations
    c. Ang GABRIELA
    d. Department of Health

# Aralin 1 Tugon ng Pamahalaan at Mamamayang Pilipino sa mga Isyu ng Karahasan at Diskriminasyon

## *Balikan*

**Gawain 2: Larawan-Suri:**

Suriin ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba sa iyong sagutang papel.



1. Ano ang ipinapakita sa larawan?
2. Ano ang opinyon at saloobin mo sa magandang pagsasama ng mag-asawa?
3. Paano kaya maisasakatuparan ang magandang pagsasama ng mag-asawa? (Tandaan ang iyong mga sagot dito. Makakatulong ang mga ito sa pag-unawa sa mga susunod na aralin.

## *Tuklasin*

Handa ka na bang matuto? Sige, simulan mo na. Tiyaking masasagutan mo ang lahat ng mga inihandang gawain para sa iyo. Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala, sa larawang- suri tulad ng isang kuwento, awitin, tula, gawain o isang sitwasyon.

### Gawain 3: Larawan-Suri

Sa susunod na pahina, suriin ang mga larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Gumamit ng sagutang papel.



1. Ano ang mga nakikita sa larawan?
2. Bakit kaya may mga samahang Pandaigdigan na binuo para sa ikakabuti ng mga tao?
3. May alam ka bang mga batas na ginawa para sa proteksyon sa karapatan ng kababaihan at mga bata.

## *Suriin*

Matapos matiyak ang iyong inisyal na kaalaman tungkol sa aralin, ngayon naman ay lilinangin at palalawakin ang mga kaalamang ito sa tulong ng mga teksto na inihanda upang maging batayan mo ng iyong pagkatuto.

Tandaan mo na anumang kaalamang mapupulot mo sa bahaging ito ng modyul ay iyong magagamit sa pagtala ng iyong mga kasagutan sa mga susunod pang mga gawain, kaya basahin at unawain mo ito nang mabuti.

**PAKSA 1: Tugon ng Pandaigdigang Samahan sa mga Isyu sa Karahasan at Diskriminasyon**



*http://www.un.org/sg/img/bankimoon/ban_ki-moon_portrait.jpg*

***"LGBT rights are Human Rights"*** Ito ang mga katagang winika ni dating UN Secretary Gen Ban Ki-moon upang hikayatin ang mga miyembro ng Nagkakaisang Bansa na mawakasan ang mga pang-aapi at pang-aabuso laban sa mga LGBT. Naniniwala ka ba na "ang mga karapatang LGBT ay mga Karapatang Pantao rin"?

Ang patuloy na pakikilahok at pakikibaka ng mga LGBT sa usaping panlipunan ay nagpapalakas ng kanilang mga boses upang matugunan ang kanilang mga hinaing tungkol sa di-pantay na pagtingin at karapatan. Nasa 29 na eksperto sa oryentasyong seksuwal at pangkasariang pagkakakilanlan (*sexual orientation at gender identity*) na nagmula sa iba't ibang bahagi ng daigdig ang nagtipon-tipon sa Yogyakarta, Indonesia noong ika-6 hanggang ika-9 ng Nobyembre, 2006 upang pagtibayin ang mga Yogyakarta Principle na makatutulong sa pagkakapantay-pantay ng mga LGBT. Narito ang ilan sa mga mahahalagang Yogyakarta Principle. Mga Batayang Simulain ng Yogyakarta sa Oryentasyong Seksuwal, Pangkasariang Pagkakakilanlan at Pagpapahayag (SOGIE*).*

## Principle 1

**ANG KARAPATAN SA UNIBERSAL NA PAGTATAMASA NG MGA KARAPATANG PANTAO**

Lahat ng tao ay isinilang na malaya at pantay sa dignidad at mga karapatan. Bawat isa, anuman ang oryentasyong seksuwal at pangkasariang pagkakakilanlan ay nararapat na ganap na magtamasa ng lahat ng karapatang pantao.

## Principle 2

**ANG MGA KARAPATAN SA PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT KALAYAAN SA DISKRIMINASYON**

Bawat isa ay may karapatang magtamasa ng lahat ng karapatang pantao nang walang diskriminasyong nag-uugat sa oryentasyong seksuwal o pangkasariang pagkakakilanlan. Dapat kilalanin na ang lahat ay pantay-pantay sa batas at sa proteksiyon nito, nang walang anumang diskriminasyon, kahit may nasasangkot na iba pang karapatang pantao.

## Principle 4

**ANG KARAPATAN SA BUHAY**

Karapatan ng lahat ang mabuhay. Walang sinuman ang maaaring basta na lamang pagkaitan ng buhay sa anumang dahilan, kabilang ang may kaugnayan sa oryentasyong seksuwal o pangkasariang pagkakakilanlan. Ang parusang kamatayan ay hindi ipapataw sa sinuman dahil sa "consensual sexual activity*" (gawaing seksuwal na may pahintulot ng kapwa)* ng mga taong nasa wastong gulang o batay

sa oryentasyong seksuwal o pangkasariang pagkakakilanlan.

**Principle 12**

**ANG KARAPATAN SA TRABAHO**

Ang lahat ay may karapatan sa disente at produktibong trabaho, sa makatarungan at paborableng mga kondisyon sa paggawa, at sa proteksiyon laban sa dis-empleyo at diskriminasyong nag-uugat sa oryentasyong seksuwal o pangkasariang pagkakakilanlan.

**Prinsipyo 16**

**ANG KARAPATAN SA EDUKASYON**

Ang lahat ay may karapatan sa edukasyon nang walang diskriminasyong nag-uugat at sanhi ng oryentasyong seksuwal at pangkasariang pagkakakilanlan.

**Prinsipyo 25**

**ANG KARAPATANG LUMAHOK SA BUHAY-PAMPUBLIKO**

Bawat mamamayan ay may karapatang sumali sa mga usaping publiko; kabilang ang karapatang mahalal, lumahok sa pagbubuo ng mga patakarang may kinalaman sa kanyang kapakanan; at upang mabigyan ng pantay na serbisyo-publiko at trabaho sa mga pampublikong ahensiya; kabilang ang pagseserbisyo sa pulisya at militar nang walang diskriminasyong sanhi ng oryentasyong seksuwal o pangkasariang pagkakakilanlan.

## Gawain 4: Opinyon mo Itala Mo!

Punan ang talahanayan ng sariling paliwanag kung paano makatutulong sa pagkakapantay-pantay ng mga LGBT ang mga prinsipyong nakapaloob sa Yogyakarta? Ipaliwanag ang kasagutan. Isulat ito sa hiwalay na papel.

| YOGYAKARTA PRINCIPLE | PALIWANAG |
|---|---|
| Principle1<br>ANG KARAPATAN SA UNIBERSAL NA PAGTATAMASA NG MGA KARAPATANG PANTAO | |
| Principle 2<br>ANG MGA KARAPATAN SA PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT KALAYAAN SA DISKRIMINASYON | |
| Principle 4<br>ANG KARAPATAN SA BUHAY | |
| Principle 12<br>ANG KARAPATAN SA TRABAHO | |
| Principle 16<br>ANG KARAPATAN SA EDUKASYON | |
| Principle 25<br>ANG KARAPATANG LUMAHOK SA BUHAY-PAMPUBLIKO | |

*Mga Gabay na Tanong*

1. Ano ang naging resulta ng pagpupulong ng mga eksperto sa sexual orientation at gender identity o SOGI na ginanap sa Yogyakarta, Indonesia noong ika-6 hanggang ika-9 ng Nobyembre, 2006?
2. Bakit mahalagang maisulong ang karapatan ng sinuman, anuman ang kasarian (gender identity) nito?
3. Sa iyong palagay, makatutulong ba ang mga Yogyakarta Principle na binuo para sa pagkakapantay-pantay ng mga LGBT?

## Gawain 5: *Arrow Up* o *Arrow Down*!

Iguhit ang Arrow Up ⬆ sa patlang kung ang sitwasyon o pahayag ay naaayon sa layunin ng Yogyakarta Principle at Arrow Down ⬇ naman kung hindi. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

________1. Si Marga ay nag-apply sa isang kompanya. Isinumite niya ang lahat ng kailangan para siya ay matanggap. Subalit laking gulat niya nang hindi napasama ang pangalan niya sa mga natanggap dahil siya ay nagdadalang tao.

________2. Tinitiyak ni Glenn na malaya niyang nagagawa ang kanyang mga karapatan para igiit sa mga kinauukulan ang gusto niyang pagbabagong mangyari sa lipunang kanyang ginagalawan.

________3. Pinigilan ang mga grupo ng LGBT na makapasok sa isang pagtatanghal dahil ang palabas ay para lamang sa mga tunay na lalaki at tunay na babae.

________4. Si Marlon ay isang gay, nakapagpatayo siya ng kanyang beauty salon dahil sa programa ng kanilang lokal na pamahalaan.

________5. Ayon sa inilabas na ulat ng kapulisan, tumataas ang bilang ng mga napapatay na miyembro ng LGBT.

________6. Ang grupo ng magkakaibigan ay bumuo ng organisasyon na may layuning itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng lahat anuman ang kasarian.

________7. Madalas binubully si Kyle ng kanyang mga kaklase dahil siya ay kabilang sa LGBT community.

________8. Aktibong nakikilahok ang mga miyembro ng LGBT sa pangangalaga ng kalikasan.

________9. Si Madonna ay isang tomboy. Gusto niyang pumasok sa politika dahil ito ang kanyang kinagigiliwan. Subalit pinigilan siya ng mga taong nakapaligid sa kanya dahil lamang sa kanyang gender.

________10. May mga programang inilunsad ang kanilang lokal na pamahalaan para sa ikabubuti ng mga miyembro ng LGBT.

## Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW)

Ang CEDAW ay ang *Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women.* Karaniwang inilalarawan bilang International Bill for Women, kilala rin ito bilang *The Women's Convention* o ang *United Nations Treaty for the Rights of Women.* Ito ang kauna-unahan at tanging internasyunal na kasunduan na komprehensibong tumatalakay sa karapatan ng kababaihan hindi lamang sa sibil at politikal na larangan kundi gayundin sa aspektong kultural, pang-ekonomiya, panlipunan at pampamilya. Inaprubahan ng United Nations General Assembly ang CEDAW noong Disyembre 18,1979 sa panahong *UN Decade for Women.* Pumirma ang Pilipinas sa CEDAW noong Hulyo 15, 1980, at niratipika ito noong Agosto 5, 1981. Kasunod sa *Convention of the Rights of the Child*, ang CEDAW ang pangalawang kasunduan na may pinakamaraming bansang nagratipika. Umaabot na sa 180 bansa mula sa 191 na lumagda o *State parties* noong Marso 2005. Ang Pilipinas ay isa sa mga lumagda o state parties. Unang ipinatupad ang kasunduan noong Setyembre 3, 1981 o 25 taon na ang nakakaraan noong 2006, pero kaunti pa lang ang nakakaalam nito.

**Paano nilalayon ng CEDAW na wakasan ang diskriminasyon sa kababaihan?**

1. Nilalayon nitong itaguyod ang tunay na pagkakapantay-pantay sa kababaihan. Inaatasan nito ang mga estado na magdala ng konkretong resulta sa buhay ng kababaihan.

2. Kasama rito ang prinsipyo ng obligasyon ng estado. Ibig sabihin, may mga responsibilidad ang estado sa kababaihan na kailanma'y hindi nito maaaring bawiin.

3. Ipinagbabawal nito ang lahat ng aksiyon o patakarang umaagrabyado sa kababaihan, anomang layunin ng mga ito.

4. Inaatasan nito ang mga *state parties* na sugpuin ang anumang paglabag sa karapatan ng kababaihan hindi lamang ng mga institusyon at opisyal ng gobyerno, kundi gayundin ng mga pribadong indibidwal o grupo.

5. Kinikilala nito ang kapangyarihan ng kultura at tradisyon sa pagpigil ng karapatan ng babae, at hinahamon nito ang *State parties* na baguhin ang mga *stereotype*, kostumbre at mga gawi na nagdidiskrimina sa babae.

***Epekto ng pagpirma at pagratipika ng Pilipinas sa CEDAW***

Bilang *state party* sa CEDAW, kinikilala ng Pilipinas na laganap pa rin ang diskriminasyon at di-pagkakapantay-pantay sa karapatan ng babae, at may tungkulin ang estado na solusyonan ito.

May tungkulin ang State parties na igalang, ipagtanggol at itaguyod ang karapatan ng kababaihan.

Ang mga *state parties* ay inaasahang:

1. Ipawalang-bisa ang lahat ng batas at mga nakagawiang nagdidiskrimina;

2. Ipatupad ang lahat ng patakaran para wakasan ang diskriminasyon at maglagay ng mga epektibong mekanismo at sistema kung saan maaaring humingi ng hustisya ang babae sa paglabag ng kanilang karapatan;

3. Itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng iba't ibang hakbang, kondisyon at karampatang aksiyon; at

4. Gumawa ng pambansang ulat kada apat (4) na taon tungkol sa mga isinagawang hakbang para matupad ang mga tungkulin sa kasunduan.

## Gawain 6: *You Complete Me!*


Kompletuhin ang mga *open ended* na pahayag. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Ang Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW) ay

May tungkulin ang state parties na igalang, ipagtanggol at itaguyod ang karapatan ng kababaihan. Ang mga state parties ay inaasahan

## Gawain 7: *GRAPHIC ORGANIZER*

Punan ang graphic organizer sa ibaba upang makompleto ang impormasyong hinihingi. Gawin ito sa hiwalay na papel.



## Gawain 8: BINAGONG TAMA o MALI

Gamit ang iyong sagutang papel, isulat ang letrang **T** kung ang ipinapahiwatig ng pangungusap ay TAMA at palitan ang salitang may salungguhit kung ang ipinapahiwatig ng pangungusap ay MALI.

__________1. Inaprubahan ng United Nations General Assembly ang CEDAW noong <u>Hulyo 15, 1980</u> sa panahong UN Decade for Women.

__________2. Unang ipinatupad ang Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW) noong <u>Nobyembre 9, 2006</u>.

__________3. Bilang State party sa <u>CEDAW</u>, kinikilala ng Pilipinas na laganap pa rin ang diskriminasyon at di-pagkakapantay-pantay sa karapatan ng babae, at may tungkulin ang estado na solusyunan ito.

__________4. Isinasaad sa <u>Principle 12</u> na walang sinouman ang maaaring basta na lamang pagkaitan ng buhay sa anoumang dahilan, kabilang ang may kaugnayan sa oryentasyong seksuwal o pangkasariang pagkakakilanlan.

__________5. Nakasaad sa <u>Principle 16</u> ang lahat ay may karapatan sa edukasyon nang walang diskriminasyong nag-uugat at sanhi ng oryentasyong seksuwal at pangkasariang pagkakakilanlan.

**PAKSA 2: Anti-Violence Against Women and Their Children Act ng 2004**

Sa paksang ito ay lilinangin ang iyong kaalaman, kasanayan, at pang-unawa tungkol sa mga batas na nagbibigay halaga at proteksiyon sa kababaihan at sa kanilang anak, gayundin ang mga hakbang na ginawa ng ating pamahalaan upang matugunan ang mga isyu sa karahasan at diskriminasyon na nararanasan ng kababaihan.

Ang *Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004* ay isang batas na nagsasaad ng mga karahasan laban sa kababaihan at kanilang mga anak, nagbibigay ng lunas at proteksiyon sa mga biktima, at nagtatalaga ng mga kaukulang parusa sa mga lumalabag dito.

Sino-sino ang puwedeng mabigyan ng proteksiyon ng batas?

Ang mabibigyan ng proteksiyon ng batas na ito ay ang kababaihan at kanilang mga anak. Ang "kababaihan" sa ilalim ng batas na ito ay tumutukoy sa kasalukuyan o dating asawang babae, babaeng may kasalukuyan o nakaraang relasyon sa isang lalaki, at babaeng nagkaroon ng anak sa isang karelasyon. Ang "mga anak" naman ay tumutukoy sa mga anak ng babaeng inabuso, mga anak na wala pang labing-walong (18) taong gulang, lehitimo man o hindi at mga anak na may edad na labing-walong (18) taon at pataas na wala pang kakayahang alagaan o ipagtanggol ang sarili, kabilang na rin ang mga hindi tunay na anak ng isang babae ngunit nasa ilalim ng kaniyang pangangalaga.

Sino-sino ang posibleng magsagawa ng krimen ng pang-aabuso at pananakit at maaaring kasuhan ng batas na ito?

Ang mga maaaring magsagawa ng krimeng ito at maaaring managot sa ilalim ng batas na ito ay ang mga kasalukuyan at dating asawang lalaki, mga kasalukuyan at dating kasintahan at *live-in partners* na lalaki, mga lalaking nagkaroon ng anak sa babae, at mga lalaking nagkaroon ng "*sexual or dating relationship"* sa babae.

**Ano ang Magna Carta of Women?**

Ang Republic Act 9710 o Magna Carta of Women ay isinabatas noong Agosto 14, 2009 na naglalayon na alisin ang lahat ng uri ng diskriminasyon laban sa kababaihan at sa halip ay itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng mga babae at lalaki sa lahat ng bagay, alinsunod sa mga batas ng Pilipinas at mga pandaigdigang instrumento, lalo na ang Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women o CEDAW.

Ang MCW o ang Mgna Carta of Women ay isang komprehensibong batas ng karapatang pantao para sa kababaihan na naglalayong tanggalin ang diskriminasyon sa pamamagitan ng pagkilala, pagbibigay proteksyon at katuparan at pagsulong ng mga karapatan ng mga kababaihang Pilipino, lalo na ang mga kabilang sa mga marginalized na sektor ng lipunan.

Layunin ng batas na itaguyod ang husay at galing ng bawat babae at ang potensiyal nila bilang alagad ng pagbabago at pag-unlad sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap sa katotohanan na ang mga karapatan ng kababaihan ay karapatang pantao.

**Anong mga karapatan ang binibigay ng batas na ito?**

1. Patas na pagtrato sa babae at lalaki sa harap ng batas.
2. Proteksyon sa lahat ng uri ng karahasan, lalo na sa karahasan na dulot ng estado.
3. Pagsigurado sa kaligtasan at seguridad ng kababaihan sa panahon ng krisis at sakuna.
4. Pagbibigay ng patas na karapatan sa edukasyon, pagkamit ng scholarships at iba't ibang uri ng pagsasanay. Pinagbabawal nito ang pagtatanggal o paglalagay ng limitasyon sa pag-aaral at hanapbuhay sa kahit anong institusyon ng edukasyon dahil lamang sa pagkabuntis nang hindi pa naikakasal.
5. Karapatan sa patas na pagtrato sa larangan ng palakasan(sports)
6. Pagbabawal sa diskriminasyon sa mga babae sa trabaho sa loob ng gobyerno, hukbong sandatahan, kapulisan at iba pa.
7. Pagbabawal sa di makatarungan representasyon sa kababaihan sa kahit anong uri ng media.
8. Iginagawad ng batas na ito ang pagkakaroon ng *two-month leave na may bayad sa* mga babae na sumailalim sa isang medikal na operasyon, pagbubuntis o gynecological na mga sakit.
9. Isinusulong ng batas na ito ang patas na karapatan sa mga bagay at usapin kaugnay ng pagpapakasal at mga usaping pampamilya.
10. Ang batas na ito ay naglalayon na hikayatin ang mga babae na maging bahagi ng politika at pamumuno at itulak ang ilang mga agenda na kaugnay sa kababaihan.

Ang isa pang hamon ng batas sa pamahalaan ay ang basagin ang mga *stereotype* at tanggalin ang mga istrukturang panlipunan tulad ng kostumbre, tradisyon, paniniwala, salita at gawi na nagpapahiwatig ng hindi pantay ang mga babae at lalaki.

## Sino ang saklaw ng Magna Carta of Women?

Lahat ng babaeng Pilipino, anuman ang edad, pinag-aralan, trabaho o hanapbuhay, propesyon, relihiyon, uri o pinagmulang *ethnicity* ay saklaw ng Magna Carta. Higit napagtutuunan ng pansin ng batas ang kalagayan ng mga batang babae, matatanda, may kapansanan, mga babae sa iba't ibang larangan, *Marginalized Women*, at *Women in Especially Difficult Circumstances*.

Ang *Magna Carta of Women* ay tumutukoy sa mga *marginalized* na sektor bilang yaong kabilang sa pangunahing, mahirap, o mahina na grupo na karamihan ay nabubuhay sa kahirapan at may maliit o walang access sa lupa at iba pang mga mapagkukunan, pangunahing mga serbisyong panlipunan at pang-ekonomiya tulad ng pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, tubig at kalinisan, oportunidad sa trabaho at pangkabuhayan, seguridad sa pabahay, pisikal na imprastraktura at ang sistema ng hustisya.

Kasama rito, ngunit hindi limitado sa mga kababaihan sa mga sumusunod na sektor o grupo: Mga maliliit na magsasaka at mga manggagawa sa kanayunan, Fisherfolk, Mahirap sa lunsod, Mga Manggagawa sa pormal na ekonomiya, Mga Manggagawa sa impormal na ekonomiya, Migrant na manggagawa, Mga Lumad na Tao, Moro, Mga Bata, Senior mga mamamayan, Mga taong may kapansanan, at mga magulang ng Solo.

Ang tinatawag namang Women in Especially Difficult Circumstances ay ang mga babaeng nasa mapanganib na kalagayan o mahirap na katayuan tulad ng biktima ng pang-aabuso at karahasan at armadong sigalot, mga biktima ng prostitusyon, “illegal recruitment,” “human trafficking” at mga babaeng nakakulong.

## Responsibilidad ng Pamahalaan


Ang Pamahalaang Pilipinas ay may pangunahing tungkulin sa pagpapatupad ng nasabing batas. Nangangahulugan ito na ang lahat ng mga tanggapan ng gobyerno, kabilang ang mga pamahalaang lokal. Ang mga pagmamay-ari at kontroladong korporasyon ng gobyerno ay dapat managot na ipatupad ang mga probisyon ng Magna Carta of Women sa ilalim sa kanilang mandato, partikular ang paggarantiya ng mga karapatan ng kababaihan na nangangailangan ng tiyak na aksyon mula sa Estado.

Tuwirang responsibilidad ng pamahalaan na proteksiyunan ang kababaihan sa lahat ng uri ng diskriminasyon at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan. Katuwang ang mga ahensya at yunit nito, maglalatag ang pamahalaan ng mga nararapat at mabisang paraan upang maisakatuparan ang mga layunin ng batas. Kabilang sa mga paraan na ito ang paglikha at pagpapatupad ng mga batas, patakaran at programa na nagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng mga babae, tungo sa kanilang kahusayan at kabutihan. Gagawa rin ng mga hakbang ang pamahalaan upang marepaso o maalis ang mga batas, patakaran, programa, at polisiya na nagpapalala sa diskriminasyon laban sa kababaihan.

## Gawain 9 - Tsart ng Anti Violence Against Women and Their Children Act

Panuto: Gamit ang tsart, isulat ang sinasaklaw ng kahulugan ng Women and Children sa ilalim ng batas na ito. Gawin ito sa hiwalay na papel.

| **Anti-Violence Against Women and Their Children Act** | |
|---|---|
| **Women** | 1.<br>2.<br>3. |
| **Children** | 1.<br>2.<br>3.<br>4. |



# *Pagyamanin*


## Gawain 10: Impormasyon! Itala Mo!

**Panuto:** Isulat sa matrix ang mga hinihinging kasagutan na nakapaloob sa mga gabay na tanong. Gawin ito sa hiwalay na papel.

| **Magna Carta of Women** | |
|---|---|
| **Mga Gabay na Tanong** | **Mga Kasagutan** |
| 1. Ano ang Magna Carta of Women? | |
| 2. Sino ang tagapagpatupad ng batas na ito? | |
| 3. Sino ang pinoprotektahan ng batas na ito? | |
| 4. Ilahad at ipaliwanag ang mga kabutihang dulot ng batas na ito. | |

## Gawain 11: *VENN DIAGRAM*

Mula sa tekstong iyong nabasa, punan ng mahahalagang impormasyon ang Venn Diagram gamit ang mga gabay na tanong upang maipakita ang pagkaka-iba at pagkakatulad ng "marginalized women" at "women in especially difficult circumstances." Gawin ito sa iyong kuwaderno o notbuk.





*Mga Gabay na Tanong:*

1. Ano ang pagkakatulad ng dalawang konsepto?
2. Paano naman sila nagkakaiba?
3. Paano natutugunan ng pamahalaan ang kanilang pangangailangan?

## Gawain 12: Ang Aking Mungkahi

Sa bahaging ito, magmungkahi ng mga paraan na iyong natutuhan sa mga hakbang ng pamahalaan at mga pandaigdigang organisasyon upang mawakasan ang karahasan at diskriminasyon na nababatay sa kasarian at oryentasyong sekswal. Gawin ito sa hiwalay na papel.





# Isaisip

Binabati kita! Narating mo na ang bahaging ito ng modyul. Ibig sabihin malapit mo na itong matapos. Sa bahaging ito, kailangan mong patunayan na naunawaan mo na ang mga konsepto at mga kaalamang dapat maikintal sa isipan mo. Tapusin ang mga nakalaang gawain. Kayang-kaya mo!

## Gawain 13: "Tandaan Mo!"


Dugtungan ang sumusunod na mga kaisipan. Ilagay ang sagot sa hiwalay na papel.

1. Ang Anti Violence Against Women and their Children Act ay ________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________.
2. Ang Magnacarta of Women ay ______________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________.
3. Ang saklaw ng Magna Carta ay _____________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________.
4. Ang responsibilidad ng pamahalaan ng Pilipinas ay ________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________.

## *Isagawa*

### Gawain 14: TEKS-TO-INFORM-DISCUSSION WEB CHART

Upang matiyak ang iyong pagkatuto sa binasang teksto, sagutin ang "discussion web chart" sa ibaba. Gawin ito sa hiwalay na papel.





# *Tayahin*

Pinatunayan mo ang iyong kagalingan sa pagsagot sa mga gawain sa modyul na ito. Dahil diyan kailangan mo nang sagutin ang panghuling pagtataya upang higit mong mapatunayan ang iyong pag-unawa sa lahat ng paksa na napapaloob sa modyul na ito. Kayang-kaya di ba?

## Gawain15. Panghuling Pagtataya

Panuto: Letra lamang ng wastong sagot ang isulat sa sagutang papel.

1. Nasa 29 na eksperto sa oryentasyong seksuwal at pangkasariang pagkakakilanlan (sexual orientation at gender identity o *SOGI*) na nagmula sa iba't ibang bahagi ng daigdig ang nagtipon-tipon sa Yogyakarta, Indonesia. Kailan naganap ang pagbuo ng Yogyakarta Principles?
   a. ika-6 hanggang ika-9 ng Nobyembre, 2006
   b. ika-6 hanggang ika-9 ng Disyembre, 2006
   c. ika-6 hanggang ika-9 ng Nobyembre, 2007
   d. ika-6 hanggang ika-9 ng Disyembre, 2007

2. Ang 29 na Yogyakarta Principles ay nakaayon sa__________________.
   a. Local Government Code
   b. Universal Declaration of Human Rights
   c. Republic Act 9710
   d. Lahat ng nabanggit

3. Ito ang kauna-unahan at tanging internasyunal na kasunduan na komprehensibong tumatalakay sa karapatan ng kababaihan hindi lamang sa sibil at politikal na larangan kundi gayundin sa aspektong kultural, pang-ekonomiya, panlipunan at pampamilya.
   a. UDHR
   b. CEDAW
   c. GABRIELA
   d. WRMP

4. Kailan unang ipinatupad ang CEDAW?
   a. Hulyo 15, 1980
   b. Setyembre 3, 1980
   c. Setyembre 3, 1981
   d. Agosto 5, 1981

5. Ang sumusunod ay mga hangarin ng CEDAW na wakasan ang diskriminasyon sa kababaihan maliban sa isa.
   a. Ang mabibigyan ng proteksiyon ng batas na ito ay ang kababaihan at kanilang mga anak
   b. Ipinagbabawal nito ang lahat ng aksiyon o patakarang umaabuso sa kababaihan, anomang layunin ng mga ito
   c. Kasama rito ang prinsipyo ng obligasyon ng estado. Ibig sabihin, may mga responsibilidad ang estado sa kababaihan na kailanma'y hindi nito maaaring bawiin
   d. Nilalayon nitong itaguyod ang tunay na pagkakapantay-pantay sa kababaihan. Inaatasan nito ang mga estado na magdala ng konkretong resulta sa buhay ng kababaihan.

6. Ano ang mabuting epekto ng pagpirma at pagratipika ng Pilipinas sa CEDAW?
   a. Kinikilala ng Pilipinas na laganap pa rin ang diskriminasyon at di-pagkakapantay-pantay sa karapatan ng babae, at may tungkulin ang estado na solusyunan ito
   b. Kinikilala ng Pilipinas ang papel ng iba't ibang organisasyon na nagtataguyod sa kapakanan ng tao anoman ang kasarian nito
   c. Kinikilala ng Pilipinas na bumababa na ang kaso ng diskriminasyon at di-pagkakapantay-pantay sa karapatan ng kababaihan dahil sa mga programa ng pamahalaan
   d. Kinikilala ng Pilipinas na bahagyang bumababa na ang diskriminasyon at di-pagkakapantay-pantay sa karapatan ng babae, at may tungkulin pa rin ang estado na solusyonan ito

7. Bilang State party sa CEDAW, kinikilala ng Pilipinas na laganap pa rin ang diskriminasyon at di-pagkakapantay-pantay sa karapatan ng babae, at may tungkulin ang estado na solusyonan ito. May tungkulin ang State parties na igalang, ipagtanggol at itaguyod ang karapatan ng kababaihan. Alin sa sumusunod ang **HINDI** inaasahang tungkulin ng isang state party?
   a. Ipawalang-bisa ang lahat ng batas at mga nakagawiang nagdidiskrimina
   b. Nagbibigay ng lunas at proteksiyon sa mga biktima ng karahasan
   c. Gumawa ng pambansang ulat kada apat (4) na taon tungkol sa mga isinagawang hakbang para matupad ang mga tungkulin sa kasunduan.
   d. Wala sa nabanggit.

8. Alin sa sumusunod ang **HINDI** saklaw ng Magna Carta of Women?
   a. Si Mila na isang Badjao
   b. Si Ariesha na isang dalagang Muslim
   c. Mga babaeng dayuhan na bumisita sa Pilipinas
   d. Si Aling Corazon na walang pinag-aralan

9. Sino-sino ang tinatawag na “marginalized women”?
   a. Negosyanteng kababaihan
   b. Mga maralitang tagalungsod
   c. Kababaihan na maluho sa buhay
   d. Kababaihan na nasa politika

10. Sino-sino ang tinatawag na “women in especially difficult circumtances” sa sumusunod **MALIBAN** sa isa?
    a. Si Matilda na isang prostitute
    b. Mga batang babae na naiipit sa sigalot
    c. Si Malou na laging binubugbog ng kanyang asawa
    d. Si Madonna na isang pulis at ipinaglalaban ang karapatan ng mga babaeng biktima ng illegal recruitment.

11. Saan sa Pilipinas karaniwang may diskriminasyon?
    a. sa reproductive health
    b. sa politika
    c. sa trabaho
    d. lahat ng nabanggit

12. Saklaw ng Magna Carta of Women ang lahat ng babaeng Pilipino. Binibigyang pansin ng batas na ito ang kalagayan ng mga batang babae, matatanda, mga may kapansanan, mga babae sa iba’t ibang larangan. “Marginalized Women,” at “Women in Especially Difficult Circumstances.” Alin sa mga sumusunod ang kabilang sa women in especially difficult circumstances?
    a. Maralitang tagalungsod
    b. Kababaihang Moro at katutubo
    c. Magsasaka at manggagawa sa bukid
    d. Mga biktima ng karahasan at armadong sigalot

13. Ang sumusunod ay batas na nagsusulong higit para sa kapakanan ng kababaihan. Alin ang **HINDI** kabilang?
    a. Magna Carta of Women
    b. Yogyakarta Principles
    c. Anti-Violence Against Women
    d. Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women

14. Ang mga batas tulad ng Anti-Violence Against Women at Magna Carta of Women ay makakatulong upang________________________.
    a. Upang sumigla ang kalakalan sa ating bansa
    b. Upang maitaguyod ang lahat ng ninanais gawin ng isang tao
    c. Upang magkaroon ng magandang oportunidad sa trabaho ang lahat anoman ang kasarian nito
    d. Upang maitaguyod ang pagtanggap, paggalang at pagkakapantay-pantay ng tao bilang isang kasapi ng pamayanan

15. Ang GABRIELA ay isang samahan sa Pilipinas na laban sa iba't ibang karahasang nararanasan ng mga kababaihan na tinagurian Seven Deadly Sins Against Women. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa tinaguriang Seven Deadly Sins Against Women?
    a. Pambubugbog
    b. Pangangaliwa ng asawang lalaki
    c. Sexual Harrassment
    d. Sex Trafficking




# ***Karagdagang Gawain***

Sa modyul na ito natutunan mo ang mga tugon ng pandaigdigang samahan at ang pamahalaang Pilipinas sa mga isyu ng kasarian at lipunan.

## Gawain 16: Ang Aking Repleksiyon

Mula sa mga paksang tinalakay hinggil sa Ang Tugon ng Pamahalaan at Mamamayang Pilipno sa mga Isyu ng Kasarian at Diskriminasyon, ano ang iyong naging repleksiyon? *Ano-ano ang natutunan mo sa mga nabanggit sa Yogyakarta Principles?* O pagnilayan ang ilan sa mga batas na nagpoprotekta sa kababaihan sa trabaho. Gawin ito sa hiwalay na papel





# Susi sa Pagwawasto

**Gawain 1**

| | |
|---|---|
| 1. c | 11. c |
| 2. a | 12. c |
| 3. d | 13. c |
| 4. b | 14. a |
| 5. d | 15. a |
| 6. c | |
| 7. a | |
| 8. d | |
| 9. b | |
| 10. d | |

**Gawain 2**
Malayang sagot ng mga magaaral.
Bahala na ang guro sa pagwawasto

**Gawain 3**
Malayang sagot ng mga magaaral.
Bahala na ang guro sa pagwawasto

**Gawain 4**
Malayang sagot ng mga magaaral.
Bahala na ang guro sa pagwawasto

**Gawain 5**
1. arrow down
2. arrow up
3. arrow down
4. arrow up
5. arrow down
6. arrow up
7. arrow down
8. arrow up
9. arrow down
10. arrow up

**Gawain 6**
Malayang sagot ng mga mag-aaral. Ang guro na ang magwawasto ayon sa rubriks.

**Gawain 7**
1. Nailalayon nitong itaguyod ang tunay na pagkakapantay-pantay sa kababaihan. Inaatasan nito ang mga estado na magdala ng konkretong resulta sa buhay ng kababaihan.
2. Kasama rito ang prinsipyo ng obligasyon ng estado. Ibig sabihin, may mga responsibilidad ang estado sa kababaihan na kailanma'y hindi nito maaring bawiin.
3. Ipinagbabawal nito ang lahat ng aksiyon o patakarang umaagrabyado sa kababaihan, anomang layunin ng mga ito.
4. Inaatasan nito ang mga *state parties* na sugpuin ang anomang paglabag sa karapatan ng kababaihan hindi lamang ng mga institusyon at opisyal ng gobyerno, kundi gayundin ng mga pribadong indibidwal o grupo.
5. Kinikilala nito ang kapangyarihan ng kultura at tradisyon sa pagpigil ng karapatan ng babae, at hinahamon nito ang State parties na baguhin ang mga stereotype, kostumbre at mga gawi na nagdidiskrimina sa babae.

**Gawain 8**
1. Disyembre 18, 1979
2. Setyembre 3, 1981
3. T
4. Prinsipyo 4
5. T

**Gawain 9**
**Kababaihan**
1. kasalukuyan o dating asawang babae
2. babaeng may kasalukuyan o nakaraang relasyon sa isang lalaki
3. babaeng nagkaroon ng anak sa isang karelasyon

**Mga Anak**
1. mga anak ng babaeng inabuso
2. mga anak na wala pang labing-walong (18) taong gulang, lehitimo man o hindi
3. mga anak na may edad na labing-walong (18) taon at pataas na wala pang kakayahang alagaan o ipagtanggol ang sarili
4. kabilang na rin ang mga hindi tunay na anak ng isang babae ngunit nasa ilalim ng kaniyang pangangalaga

**Gawain 10**
1. Ang Magna Carta for Women ay isinabatas noong Hulyo 8, 2008 upang alisin ang lahat ng uri ng diskriminasyon laban sa kababaihan at sa halip ay itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng mga babae at lalaki sa lahat ng bagay
2. Ang pamahalaan
3. Lahat ng babaeng Pilipino, anoman ang edad, pinag-aralan, trabaho o hanapbuhay, propesyon, relihiyon, uri o pinagmulan ethnicity
4. Malayang sagot ng mag-aaral. Bahala na ang guro sa pagwawasto.

**Gawain 11**

Ang tinatawag na **Marginalized Women** ay ang mga babaeng mahirap o nasa hindi panatag na kalagayan. Sila ang mga wala o may limitadong kakayahan matamo ang mga batayang pangangailangan at serbisyo. Kabilang dito ang kababaihang manggagawa, maralitang tagalungsod, magsasaka at manggagawang bukid, mangingisda, migrante, at kababaihang Moro at katutubo.

Ang tinatawag namang **Women in Especially Difficult Circumstances** ay ang mga babaeng nasa mapanganib na kalagayan o masikip na katayuan tulad ng biktima ng pang-aabuso at karahasan at armadong sigalot, mga biktima ng prostitusyon, “illegal recruitment,” “human trafficking” at mga babaeng nakakulong.

**Pagkakatulad**
Parehong saklaw ng Magnacarta for Women

**Gawain 12**
Malayang sagot ng mga mag-aaral. Ang guro na ang magwawasto ayon sa rubriks.

**Gawain 13**
Malayang sagot ng mga mag-aaral. Ang guro na ang magwawasto ayon sa rubriks.

**Gawain 14**
Malayang sagot ng mga mag-aaral. Ang guro na ang magwawasto ayon sa rubriks.

**Gawain 15**
**Tayahin**
1. a
2. b
3. b
4. c
5. a
6. a
7. b
8. c
9. b
10. d
11. d
12. d
13. b
14. d
15. b

**Gawain 16**
Malayang sagot ng mga mag-aaral. Ang guro na ang magwawasto ayon sa rubriks.

## *Sanggunian*

Department of Education, "Kontemporaryong Isyu", Tugon sa mga Isyu sa Kasarian at Lipunan, p. 310-322, Modyul ng mga mag-aaral, 2017

Introduction to the Yogyakarta Principles. https://yogyakartaprinciples.org/introduction

Republic Act 9710: Magna Carta of Women. Retrieved from https://pcw.gov.ph/republic-act-9710-magna-carta-of-women/

Tripon, O.H. (2006). Kalagayan at Karapatan ng kababaihan: CEDAW primer. Retrieved from https://www.coa.gov.ph/gad/resources/downloads/CEDAW/CEDAW Tagalog.pdf

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph